Philippine Overseas Employment Administration
Republic of the Philippines
Department of Labor and Employment
BFO Building, Ortigas Avenue cor. EDSA, Mandaluyong City 1501
Website: www.poea.gov.ph E-mail: info@poea.gov.ph
Hotlines: 722-1144, 722-1155
CERTIFICATION INTERNATIONAL ISO 9001:2008 CIP/4676/12/08/811
JAB ACCREDITED QMS Certification Body Accreditation No: MSA-001

News Release
July 25, 2016

# Lisensya ng recruiter kanselado, travel agency sarado sa POEA

Kanselado po ng POEA ang lisensiya ng SML Human Resources, dahil sa pananaga ng placement fees thru salary deduction sa isang kasambahay sa Singapore.

Bagamat walang placement fee na siningil sa kasambahay pag-alis ng Pilipinas, siya ay sinabihan ng SML Human Resources na may 8 months na salary deduction sa Singapore. Kaya't imbis na SGD520.00 ang sahod niya kada buwan, siya ay tumanggap lamang ng SGD70.00 kada buwan. Dagdag pa dito, ang pangako na magiging ahensiya niya sa Singapore ay naiba nung nakarating na siya sa nasabing bansa.

Ayon sa POEA rules, kanselasyon ng POEA license ang parusa sa anumang pagsingil ng placement fee sa isang OFW kasambahay. Bawal din ang "misrepresentation" o paglilinlang sa mahalagang impormasyon sa aspeto ng recruitment, tulad ng pagtukoy sa magiging ahensiya pagdating sa host country. Naging pangatlong akto ng "misrepresentation" na ito ng SML Human Resources, kaya't kanselasyon ng lisensya na rin ang penalty.

Ipinasara naman kamakailan ng mga operatiba ng POEA at PNP-CIDG ang Pearl Asia Travel & Tours sa 701-A Old Roman Santos Building, Sta. Cruz, Manila, dahil sa illegal recruitment. Isinagawa ang pagsara matapos ang surveillance operations na isinagawa ng POEA at PNP-CIDG.

Ang modus po ng Pearl Asia ay illegal recruitment ng mga marino sa posisyon na messman, steward, bartender, at housekeeper, para daw sa yacht or cruise ship. Kunwari ay may koneksiyon ito sa mga international cruise companies katulad ng Carnival at Dolphin.

Walang lisensya mula sa POEA para mag-recruit ang Pearl Asia. Sa katunayan, bawal mag-recruit ang mga travel agency. Ang anumang paglabag sa batas na ito ay illegal recruitment.

Kakasuhan ng kasong kriminal na illegal recruitment sa DOJ ang punong-abala ng Pearl Asia na si Razel Ramos Bande a.k.a Hearty Bande at ang mga kasamahan niyang nahuli sa akto ng illegal recruitment.

Maging matalino, huwag magpaloko!

/END